# *Pagpapalaki ng MakaDios na mga Anak Yugto 2*

***"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6 KJV)***

Ang Bibliya ang pinakamahusay na gabay para sa atin ngayon kung paanong palakihin an gating mga anak sa isang makaDios na paraan. Matutunan natin mula sa Bibliya ang maraming bagong pakinabang na mga bagay mula sa iba't ibang salayasay ng mga bata sa pagpapakalaki bilang Makadios na lalaki at bababe upang maglingkod sa Dios at mabuhay para sa Kanya, Ang makaDios na pag aasawa at paghahanda para sa kanila ay maitatanim mula sa gulang ng pagkabata kapag ang bata ay napalaki at naipatupad ang disiplina.

Ang disiplina sa mga bata, masasabi batin ang tungkol sa tagumpay nito, makikita natin kapag ito'y nagtapo sa MakaDios na pag aasawa pagkakaroon ng makaDios na mga anak na kilala ang Dios at namumuhay para sa Kanya.

Ang ama at ina ng bawat pamilya ay tinawag ng Panginoon upang ipatupad ang disiplina upang ang pamilaya ay mapanatili ang kabanalan at makaDios sa kanilang buhay, para sa bawat pamilya ay local na kapisanan sa loob ng simbahan. Isang malusog na pamilya na may tuntunin at disiplina, hindi nagbabago at nagmula sa mga tuntunin at aral ng simabahan na batay sa Bibliya.

"***At, kayong mga ama, huwag ninyong ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak: kundi inyong turuan sila ayon sa saway at aral ng Panginoon." (Epeso 6:4 KJV)*** Maraming mga magulang at guro ay maling ipinaliwanag ang talatang ito at sinasabi nila na dapat ibigay ng mga magulang sa kanilang mga anak kung anong gusto nila at pasiyahin sila. Dapat ibigay ng mga magulang sa kanilang mga anak ang kanilang kailangan at batay sa kalooban ng Dios. Dahil kapag ibinigay mo sa iyong mga anak ang kailangan nila at hindi ang gusto nila, pagkatapos kapag dumating na dinisiplina mo sila, kung gayon ang mga bata ay maiinis. Bakit? Dahil ang mga bata ay walang takot sa Dios at walang pagsaalang alang sa Salita ng Dios dahil nakuha na nila kung anong gusto nila; kaya hindi na sila nakikinig at sumusunod sa kanilang mga magulang. * Makinig mga magulang, huwag ibigay sa iyong mga anak kung anong gusto nila bagkus ibigay sa kanila ang kailangan nila. * Bago isipin ang pagkasiphayo ng mga bta, turuan at sanayin sila sa mga utos ng Panginoon ay dapat unang isagawa at pangunahin, upang ang mga bata ay magkaroon ng mahaba at masaganang buhay gaya ng ipinangako ng Dios bilang sinunod nila ang kanilang mga magulang:

***"1 Mga anak, magsitalima kayo sa inyong mga magulang sa Panginoon: sapagka't ito'y matuwid. 2 Igalang mo ang iyong ama at ina (na siyang unang utos na may pangako), 3 Upang yumaon kang mabuti, at ikaw ay mabuhay na malaon sa lupa." (Epeso 6:1-3 KJV)***

Upang maging makapangyarihan at epektibong mga magulang sa pagtuturo at pagsasanay sa mga anak sa mga utos ng Panginoon, dapat silang mamuhay sa makaDios na buhay at hindi nasasangkot sa kasalanan dahil ang bunag ng mga kasalanan ng mga magulang ay maisasalin sa kanilang mga anak. Mga magulang siyasating mabuti ang iyong sarili at pagsisihan ang iyong mga kasalanan upang ang mga sumpa ng gayong kasalanan ay hindi malipat sa buhay ng iyong mga anak.

May mga talakayan at mga tanong sa isipan ng mga kapatid na ganito ang sinasabi: Ang ilang bata sa Biblia, halimbawa, si Cain, na may masamang saloobin sa kanyang kapatid na si Abel, ay ginawa ba nina Adan at Eva ang kanilang tungkulin sa pagdidisiplina sa kanya? Isa pang halimbawa ay ang masamang pag uugali ni Esau kay Jacob, dinisiplina ba nina Isaac at Rebeca si Esau ayon sa Salita ng Dios? Maging sa mga anak ni Jacob na may masamang pag uugali patungo sa isa't isa, binantayan ba ni Jacob ang kanyang mga anak at dinisiplina sila nang maayos? Dahil gaya ng sinasabi ng Salita ng Dios ang layunin ng makaDios na pag aaswa ay para palakihin ang mga anak na makaDios mula sa pasimula, ngunit bakit ito'y nangyari nang paulit ulit sa mga anak ng lingkod ng Dios na magkaroon ng masuwaying espiritu at lumabas ang masamang pag uugali mula sa kanila? Lalo na dapat pananagutan ng mga magulang na disiplinhin sila.

Matapos nating basahin ang mga pagsubaybay sa itaas at ang pagtatanong tungkol dito, maaari pagpasyahan, ang kahalagahan para sa atin bilang mga magulang na kailangan nating gawin nang maayos ang ating tungkulin sa pagdidisiplina sa ating mga anak. Kung gagawin natin nang maayos ang ating bahagi, maaaring may posibilidad pa ring sumuway, ngunit paano kung hindi natin ito gagawin? Mas lalala pa ito. Malamang na ang mga nabanggit na magulang na sina Adan at Eva, Isaac at Rebeca, Jacob, at ang kanilang mga asawa ay ginawa ang kanilang mga tungkulin. Halimbawa, si Cain at Abel ay hindi sumamba sa Dios kung ang mga magulang, na sina Adam at Eva, ay hindi ginawa ang kanilang mga tungkulin at tinuruan sila tungkol sa pagsamba sa Dios..

Ngunit isa pang bagay, paano kung ang mga lingkod ng Dios, ay hindi ginawa ang kanilang tungkulin sa pagdidisiplina ng kanilang mga anak? Iyon ang magiging kasalanan nila. Kaya naman tayo bilang mga

magulang ay kailangang patuloy na turuan at subaybayan ang ating mga anak at gawin ang lahat ng ating makakaya upang palakihin sila sa isang makaDios na paraan. Kahit nagawa natin ang ating tungkulin nang maayos, kailangan pa rin nating subaybayan ulit ang lahat upang maiwasan hangga't kaya natin ang gayong masamang bunga para sa mga bata tulad ng sinabi natin sa mga halimbawang ibinigay sa itaas.

* Isa pang bagay na kailangang bigyang diin natin ay dapat huwag tayong magmalaki. Kung ang ating mga anak ay mabuti, huwag dapat nating isipin sa ganitong paraan: Hindi dahil ginawa natin ang ating tungkulin nang maayos kundi mabuti ang Dios. Kailangan pa rin nating magpakumbaba at ibigay ang kaluwalhatian sa Dios para sa mabuting bunga para sa ating mga anak. * Ngunit kung hindi natin ginawa ang ating tungkulin ito ay kasalanan. * Pati na rin, kung ginawa natin ang ating tungkulin at ang mga bata ay hindi mabuti, iyon ay hindi isang dahilan sa atin o sa iba na huwag magtiis na gawin ang mga utos ng Dios sa pagsdididsiplina sa at pagsasanay sa ating mga anak.

Kaya kailangan nating gawin ang ating tungkulin, at hanggang sa huli, kung sila'y hindi susunod at magbabago sila ang may pananagutan para sa kanilang sarili. Hangga't tayo'y nabubuhay kailangan nating patuloy na payuhan at turuan ang ating mga anak at sanayin sila sa landas ng katuwiran.

Tayo ay magpatuloy ngayon at sumulong sa ating talakayan pagtugon sa iba pang mga Banal na Kasulatan at halimbawa ng mga magulang at kalalakihan at kababaihan ng Dios kung paano nila dinisiplina at hinarap ang kanilang mga anak

Si David ay isang lalaki ayon sa sariling puso ng Dios, nguit nang siya ay nagkasala, ang kanyang buong pamilya ay naapektuhan: ***"10 Ngayon nga'y ang tabak ay hindi hihiwalay kailan man sa iyong sangbahayan; sapagka't iyong niwalan ng kabuluhan ako, at iyong kinuha ang asawa ni Uria na Hetheo upang maging iyong asawa. 11 Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y magtitindig ng kasamaan laban sa iyo na mula sa iyong sariling sangbahayan, at aking kukunin ang iyong mga asawa sa harap ng iyong mga mata, at aking ipagbibigay sa iyong kapuwa, at kaniyang sisipingan ang iyong mga asawa sa sikat ng araw na ito. 12 Sapagka't iyong ginawa na lihim: nguni't aking gagawin ang bagay na ito sa harap ng buong Israel, at sa harap ng araw. 13 At sinabi ni David kay Nathan, Ako'y nagkasala laban sa Panginoon. At sinabi ni Nathan kay David, Inalis din ng Panginoon ang iyong kasalanan; hindi ka mamamatay." (2 Samuel 12:10-13 KJV)*** Si David ay tunay na nagsisi at pinatawad siya ng Dios, ngunit ang bunga ng kanyang kasalanan ay nasa kanyang mga anak. Sinimulan sa kanyang unang anak na lalaki sa pagkamatay mula sa pangangalunya, at kalamidad pagkatapos ng kalamidad ay nangyari sa kanyang sangbahayan. ***"1 At nangyari, pagkatapos nito, na si Absalom na anak ni David ay mayroong isang kapatid na babae na maganda, na ang pangala'y Thamar; at sininta siya ni Amnon na anak ni David. 2 At si Amnon ay totoong nagdamdam, na anopa't siya'y nagkasakit dahil sa kaniyang kapatid na kay Thamar; sapagka't siya'y dalaga; at inaakala ni Amnon na mahirap gawan siya ng anomang bagay. 3 Nguni't si Amnon ay may isang kaibigan na ang pangala'y Jonadab, na anak ni Simea na kapatid ni David: at si Jonadab ay isang lalaking totoong magdaraya. 4 At sinabi niya sa kaniya, Bakit, Oh anak ng hari, sa araw araw ay nangangayayat kang ganyan? hindi mo ba sasaysayin sa akin? At sinabi ni Amnon sa kaniya, Aking sinisinta si Thamar na kapatid ng aking kapatid na si Absalo. 5 At sinabi ni Jonadab sa kaniya, Mahiga ka sa iyong higaan, at magsakitsakitan ka: at pagka ang iyong ama ay naparoon upang tingnan ka, sabihin mo sa kaniya, Isinasamo ko sa iyo na bayaang ang aking kapatid na si Thamar ay pumarito, at bigyan ako ng tinapay na makakain, at maghanda ng pagkain sa aking paningin upang aking makita, at kanin sa kaniyang kamay. 6 Sa gayo'y nahiga si Amnon at nagsakitsakitan: at nang pumaroon ang hari upang tingnan siya, sinabi ni Amnon sa hari, Isinasamo ko sa iyo na bayaang pumarito ang aking kapatid na si Thamar, at igawa ako ng dalawang tinapay na maliit sa aking paningin upang aking makain sa kaniyang kamay. 7 Nang magkagayo'y nagsugo si David sa bahay kay Thamar, na sinasabi, Pumaroon ka ngayon sa bahay ng iyong kapatid na si Amnon, at ipaghanda mo siya ng pagkain. 8 Sa gayo'y naparoon si Thamar sa bahay ng kaniyang kapatid na si Amnon; at siya'y nakahiga. At siya'y kumuha ng isang masa, at minasa, at ginawang mga binilong tinapay sa kaniyang paningin, at niluto na mga munting tinapay. 9 At kinuha niya ang kawali, at mga ibinuhos sa harap niya; nguni't kaniyang tinanggihang kanin. At sinabi ni Amnon: Palabasin ang lahat na tao sa harap ko. At silang lahat ay lumabas, bawa't isa mula sa harap niya. 10 At sinabi ni Amnon kay Thamar: Dalhin mo rito sa silid ang pagkain, upang aking makain sa iyong kamay. At kinuha ni Thamar ang mga munting tinapay na kaniyang ginawa, at mga dinala sa silid kay Amnon na kaniyang kapatid. 11 At nang ilapit niya sa kaniya upang kanin, kaniyang tinangnan siya, at sinabi niya sa kaniya, Halika, sumiping ka sa akin, kapatid ko. 12 At sumagot siya sa kaniya, Huwag kapatid ko, huwag mo akong dahasin; sapagka't hindi marapat gawin sa Israel ang ganyang bagay: huwag kang gumawa ng ganitong kaululan. 13 At ako, saan ko dadalhin ang aking hiya? at tungkol sa iyo, ikaw ay magiging gaya ng isa sa mga mangmang sa Israel. Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, magsalita ka sa hari, sapagka't hindi ipagkakait ako sa iyon. 14 Gayon ma'y hindi niya dininig ang kaniyang tinig: kundi palibhasa't siya'y malakas kay sa kaniya, dinahas niya siya, at sumiping sa kaniya. 15 Nang magkagayo'y kinapootan siya ni Amnon na may mahigpit na poot; sapagka't ang kapootan na kaniyang ikinapoot sa kaniya ay malaki kay sa pagsinta na kaniyang isininta sa kaniya. At sinabi ni***

***Amnon sa kaniya, Bumangon ka, ikaw ay yumaon. 16 At sinabi niya sa kaniya, Huwag ganyan, sapagka't itong malaking kasamaan sa pagpapalabas mo sa akin ay higit kay sa iba na iyong ginawa sa akin. Nguni't ayaw niyang dinggin siya. 17 Nang magkagayo'y tinawag niya ang kaniyang alipin na nagaalaga sa kaniya, at sinabi, Ilabas mo ang babaing ito sa harap ko, at itrangka mo ang pintuan pagkalabas niya. 18 At siya'y may suot na sarisaring kulay: sapagka't ang mga gayong kasuutan ang isinusuot ng mga anak na dalaga ng hari. Nang magkagayo'y inilabas siya ng kaniyang alipin at tinarangkahan ang pintuan pagkalabas niya. 19 At binuhusan ni Thamar ng mga abo ang kaniyang ulo, at hinapak ang kaniyang suot na sarisaring kulay na nakasuot sa kaniya; at kaniyang ipinatong ang kaniyang kamay sa kaniyang ulo, at ipinagpatuloy ang kaniyang lakad, na umiiyak ng malakas habang siya'y yumayaon. 20 At sinabi ni Absalom na kaniyang kapatid sa kaniya, Napasa iyo ba si Amnon na iyong kapatid? nguni't ngayo'y tumahimik ka, kapatid ko: siya'y iyong kapatid; huwag mong isapuso ang bagay na ito. Sa gayo'y si Thamar ay nagpighati sa bahay ng kaniyang kapatid na si Absalom. 21 Nguni't nang mabalitaan ng haring si David ang lahat ng mga bagay na ito, siya'y totoong napoot. 22 At hindi nagsalita si Absalom kay Amnon kahit mabuti o masama man; sapagka't pinagtaniman ni Absalom si Amnon dahil sa kaniyang dinahas ang kaniyang kapatid na si Thamar. 23 At nangyari, pagkatapos ng dalawang buong taon, na nagpagupit ng mga tupa si Absalom sa Baal-hasor na nasa siping ng Ephraim: at inanyayahan ni Absalom ang lahat ng mga anak ng hari. 24 At naparoon si Absalom sa hari, at sinabi niya, Narito ngayon, ang iyong lingkod ay nagpapagupit ng mga tupa; isinasamo ko sa iyo na ang hari at ang kaniyang mga lingkod ay magsiyaong kasama ng iyong lingkod. 25 At sinabi ng hari kay Absalom, Huwag anak ko, huwag tayong magsiyaong lahat, baka maging mabigat na pasan sa iyo. At pinilit niya siya: gayon ma'y hindi siya yumaon, kundi binasbasan siya. 26 Nang magkagayo'y sinabi ni Absalom, Kung hindi isinasamo ko sa iyo, pasamahin mo sa amin ang aking kapatid na si Amnon. At sinabi ng hari sa kaniya, Bakit siya sasama sa iyo? 27 Nguni't pinilit siya ni Absalom, na anopa't kaniyang pinasama sa kaniya si Amnon at ang lahat ng mga anak ng hari. 28 At iniutos ni Absalom sa kaniyang mga lingkod na sinasabi, Tandaan ninyo ngayon, pagka ang puso ni Amnon ay sumaya dahil sa alak; at pagka ang aking sinabi sa inyo, Saktan ninyo si Amnon, patayin nga ninyo siya: huwag kayong mangatakot: hindi ba ako ang nagutos sa inyo? kayo nga'y magpakalakas, at magpakatapang. 29 At ginawa ng mga lingkod ni Absalom kay Amnon kung ano ang iniutos ni Absalom. Nang magkagayo'y nagsitindig ang lahat ng mga anak ng hari, at sumakay bawa't lalake sa kaniyang mula, at tumakas." (2 Samuel 13:1-29 KJV)*** Isang kasalanan na nabigong harapin ni David ay nagdala ng isang pang kasalanan at maraming kaguluhan sa lahat ng kanyang pamilya. Hindi gumawa ng pagkilos ng padisiplina si David laban kay Amnon dahil mahal niya ito bilang kanyang anak, ngunit sa huli, nawala siya sa kanya. ***"Nguni't tumakas si Absalom at naparoon kay Talmai na anak ni Amiud na hari sa Gessur. At tinangisan ni David ang kaniyang anak araw araw." (2 Samuel 13:37 KJV)*** Nabigong muli si David na disiplinahin si Absalom, na sa huli'y nawala sa kanya.

Dapat laging mapagbantay ang mga magulang at may kamalayan na ang diyablo ay darating upang magnakaw, pumatay, at pumuksa. Sa pagiging maingat sa mga kasalanan at lahat ng masasamang bunga nito, ang mga patibong at pakana ng diyablo ay dapat iwasan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng praktikal at teknikal na mga patakaran at disiplina sa pamilya at simbahan na naaayon sa mga utos at tagubilin ng Dios at gaya ng sumusunod:

***1. Iwasang magsama ang mga lalaki at babae.*** Ang mga lalaki ay dapat kasama ng mga lalaki at ang maga babae ay kasama ng mga babae. Pagbibigay pahintulot o pagpayag sa isang lalaki at babae na magpalagayan ng loob at pakana ng Diablo upang itanim sa isa o pareho ng kanilang isip at damdamin na magkasaala. Ang magkasalungat na kasarian ay palaging umaakit sa isa't isa. Ipinatupad ni Booz ang isang magandang tuntunin sa kanyang bukid na karapat dapat na sundan ngayon sa buhay at ministerio. ***"8 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz kay Ruth, Di mo ba naririnig, anak ko? Huwag kang mamulot sa ibang bukid, o lumagpas man dito, kundi manahan ka ritong malapit sa piling ng aking mga alilang babae. 9 Itanaw mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at sumunod ka sa kanila; di ba ibinilin ko sa mga bataan na huwag ka nilang gagalawin? At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga bataan." (Ruth 2:8-9 KJV)*** Ang mga lalaki ay dapat na may mga lalaki at ang mga babae ay dapat na kasama ang mga babae. Bukod dito, hayaan din ang mga batang lalaki at babae na iwasan ang paghawak sa isa't isa, ***"di ba ibinilin ko sa mga bataan na huwag ka nilang gagalawin? At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga bataan." (Ruth 2:9 KJV)***

Sinabi ni Job ang sumusunod: ***"Ako'y nakipagtipan sa aking mga mata; paano nga akong titingin sa isang dalaga?" (Job 31:1 KJV)*** Gumawa si Job ng isang tipan sa kanyang mga mata na huwag tumingin sa babae; kaya, hindi niya kailangang isipin ang tungkol sa panonood sa mga babae. * Turuan natin ang mga lalaki na huwag panoorin ang mga babae, at turuan natin ang mga babae na huwag panoorin ang mga lalaki. Aking tuturuan ang mga lalaki na kapag ang mga babae ay dumaan ay iwasang tumingin sa kanila kundi tumingin sa baba. Aking tuturuan ang mga babae na kapag ang mga lalake ay dumaan ay iwasang tumingin sa kanila kundi tumingin sa baba. Ang pagsasanay sa ganoon ay isang bagay na karapat dapat at mabunga sa pag iwas sa kaguluhan.

***II. <u>Maging maingat tungkol sa naunang mga kasalanan sa pamilya</u>:*** Pinatawad ng Dios ang bawat kasalanang ipinagtapat, ngunit dapat kumilos ang mga magulang upang maprotektahan ang kanilang mga anak mula sa paggawa ng parehong kasalanan sa pamilya. Ang propetang si Nathan ay nagpropesiya kay David na ang ginawa niya ay mauulit sa kanyang sangbahayan. Ngunit, Hindi dapat naging walang kibo si David sa pagpigil sa kanyang mga anak na gumawa ng mali dahil ginawa rin niya ito noon. Sa halip, dapat siyang mapagtuklas upang iwasan ang mga pangyayari na mag aakay sa kanyang mga anak na magkasala. Kailangang turuan ng mga magulang ang kanilanga mga anak at ipakita sa kanila ang mga panganib sa palibot nila, maging mula sa nauna nilang karanasan ng buhay upang babalaan sila na huwag gawin ang nangyari na sa nakaraan. Ito ay makakapagpasiya sa Dios, at paglilingkod bilang isang pang pagpapakita ng pagsisisi, at paglalarawan sa mga anak na huwag gumawa ng parehong uri ng kasalanan. ***"Ang mga bagay na ito nga'y pawang naging mga halimbawa sa atin, upang huwag tayong magsipagnasa ng mga bagay na masama na gaya naman nila na nagsipagnasa?" (1 Corinto 10:6 KJV)***

***III. <u>Huwag mabigong harapin ang kasalanan</u>:*** Ang kabiguan ng mga magulang na disiplinahin ang mga anak at harapin nang maayos sa kanilang kasalanan ay magdadala ng mas maraming kaguluhan sa kanilang sarili, sa kanilang pamilya, at sa simbahan. Nang narinig ni David ang tungkol sa ginawa ni Amon kay Tamar siya ay galit na galit, ngunit hindi siya gumawa ng anumang pagkilos upang harapin ang kasalanan ni Amnon. Hindi maaring pakasalan ni Amnon si Tamar dahil siya ay kanyang kapatid sa ama ngunit hindi pinarushan ni Haring David si Amnon ayon sa utos ng Dios: ***"9 Ang kahubaran ng iyong kapatid na babae, na anak ng iyong ama o anak ng iyong ina, maging ipinanganak sa sarili o sa ibang bayan, ay huwag mong ililitaw ang kahubaran nila. 29 Sapagka't yaong lahat na gumawa ng alin man sa mga kahalayang ito, sa makatuwid baga'y ang mga taong magsigawa ng gayon ay ihihiwalay sa kanilang bayan. " (Levitico 18:9, 29 KJV)*** Dapat isagawa ng mga magulang ang katarungan sa kanilang sangbahayan. Dapat disiplinahin ng mga magulang ang kanilang mga anak ayon sa mga tagubilin ng Dios. Walang ginawang anuman si Haring David sa kasalanan ni Amnon. Kaya ipinaghiganti ni Absalom ang kanyang kapatid na babae at pinatay si Amnon. Gayunpaman, waalng ginawang anuman si haring David sa kasalanan na ginawa ni Absalom. Sa halip, unti unting naibalik si Absalom sa kanyang naunang katungkulan nang hindi naparusahan. Ipinagpatuloy ni Absalom ang kanyang kasamaan gaya ng pakikisabwatan niya laban sa trono ng kanyang ama at pagkatapos ay sumuping sa aliping asawa ng kanyang ama sa paningin ng buong Israel. Ang kasalanan ni Absalom ay nagdulot ng kapahamakan sa sambahayan ng kanyang ama, sa buong kaharian, at sa huli sa kanyang sariling buhay habang mababasa natin ang mga pangyayaring iyon sa ***2 Samuel Kabanata 14-18***.

Kailangang ingatan ng mga magulang ang kapaligiran ng sambahayan malayo sa mga tukso at maling gawain na magdudulot sa mga anak na matisod at mahulog sa kasalanan, Si Amnon ay may pakikipag usap sa kanyang kaibigang tuso at kamag anak na si Jonadab na nagpaigting na ipagpatuloy ang kanyang masamang hangarin para kay Tamar. * Dapat mabatid ng mga magulang ang malaking masamang impluwensya ng makamundong mga tao sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng media at sa lahat ng ibang pasilidad ng pakikipag usap. * Ang mga bata ay maaring mahikayat sa pamamagitan ng mga kamag anak, kaibigan, at ibang mga tao na hindi natatakot sa Dios at hindi sumusunod sa Salita ng Dios. Ang mga bata ay maiimpluwensyahan din sa pamamagitan ng palabas sa telebisyon, internet websites, pakikipag usap sa Facebook, mobiles phones, atbp. Ang mga magulang na pinayagan ang kanilang mga anak na magkaroon ng daan para sa gayong pakikipag usap at teknolihiya sa media sa kanilang tahanan ay inaanyayahan ang masamang mga kaibigan at masamang kasama sa buhay ng kanilang mga anak. * At bilang resulta, hindi na maipapatupad ng mga magulang ang disiplina sa kanilang mga anak. Ang mga magulang ay magiging tamad, marahas, masuwayin sa kanilang mga magulang. Kapag napagtanto ng mga magulang iyon na ang kanilang mga anak ay gumagawa na ng masama batay sa kanilang natutunan at nalantad, at kapag dinisiplina at pinigilan sila ang kanilang mga anak mula sa pagsama sa mga kaibigan, kamag anak, o panonood ng telebisyon, surfing sa internet, o paggamit ng mga mobile, ang mga bata ay nagrerebelde laban sa mga magulang.

Kung ang mga bata ay hinayaan na gumamit at manood ng gayong mga bagay nang maaga ito'y magdudulot sa kanila na matututo ng masasamang salita at gawa, at sa oras na ipagkait ito sa kanila, sila ay nagagalit. Ang mga teknolohiya ng media, at TV ay mga halimaw, demonyo at mga dios diosan na nag aalis sa mga bata ng disiplina at pagtuturo ng mga magulang. Nakita ng mga mananaliksik na ang epekto ng pagkislap ng screen ay diresto sa isip, kaya madaling makopya o matulad ng mga bata ang kanilang nakikita ang naririnig. Gayundin ang mga bata ay magaling manggaya ngunit hindi kayang pag ibahin ang tama sa mali. Ang mga bata ay hindi kayang salain ang kanilang nakikita at naririnig, at hindi nila mapoprotektahan ang kanilang sarili. Pananagutan ng mga magulang na protektahan ang kanilang mga anak mula sa maling impluwensya ng media.

* Ang mga bata ay hindi dapat hayaang magkadaan at gamitin ang mga tablet, laptop, o kung hindi pupunta sila sa masamang website o mga laro sa computer na sisira at tataglayin sa kanilang isipan. Marami sa paaralan ngayon ang mga bata ay hindi kayang magbasa ng tama at magsulat nang maayos dahil sa nakakagambalang epekto ng mga larong pinapanood sa kanilang batang isipan. * Tiyak, hindi dapat payagan ang mga bata na

lumapit at magmaneho ng kotse. Gayundin, napakadelikado para sa mga bata na maglakad sa daan o maglaro sa kalye. * Sa gayon ding paraan, ang pagpapahintulot sa mga bata na magkaroon ng libreng paggamit sa mga computer, telebisyon, internet, website, mobile phone, pera, at iba pang pinagkukunan ng kapangyarihan, ay nakakapinsala sa kanilang pisikal, emosyonal, intelektwal, at espirituwal. Ngayon, ang paglalagay ng mga limitasyon at hangganan sa mga bata sa paggamit sa mga teknolohiya ng media ay isang madalian na disiplina na kailangang ipatupad sa pamilya. Ang mga password para sa mga laptop, computer, at telepono upang makontrol ang mga bata at upang maprotektahan sila mula sa pagkakalantad sa mga panganib ay tulad ng mga kandado at bolts sa mga pinto ng tahanan upang ang mga bata ay hindi makapunta sa kalye nang mag isa. Kailangang baguhin ang mga password paminsan minsan dahil ang mga bata sa tiyak na pagkakataon ay nagmamasid sa mga magulang at maaaring matuklasan ang mga password na ginamit ng mga magulang. Kaya, kailangang magtiis ng mga magulang na ipatupad ang disiplina sa kanilang tahanan.

Ang pagbibigay sa mga bata ng anuman ng kanilang naisin at hayaan silang gawin ang anumang gusto nila ay pagpapalaya sa kanila ng buong pamamahala sa panahon na hindi pa sila handa na ligtas na pangasiwaan ang buhay sa mundong ito. * Hindi kayang harapin ng mga bata ang mga tukso na nag aakay sa kasalanan. * Ang pamahalaing magbukas ng mga pitaka, sasakyan, laptop, computer, at phone ay ibigay sa kanila unti unti habang sila'y lumalaki at handang harapin ang sanglibutan. Ang bata ay maaring bigyan ng maliit na halaga ng salapi na makakaya niyang bumili sa kanyang sarili ng isang matamis, ngunit walang bata na kayang hawakan ang malaking halaga ng pera. Kung ito ay ibibigay sa kanya at siya ay may kalayaan at may daan na bumili ng kung anong gusto nila, o gawin kung anong nais nila, sa huli sila'y magtatapos sa paggawa ng isang bagay na masama na makakasakit sa kanilang sarili, at pagsisihan ito ng mga magulang. Hindi dapat ilantad ng mga magulang ang kanilang mga anak sa makamundong uso maliban kung kaya nila at sinanay na harapin at malagpasan. Ang napaaga at hindi awtorisadong pag-iibigan ay kapag ang isang batang lalaki o babae ay umibig sa isang tao. Ito ay hindi batay sa Kasulatan. Inilalarawan ng Bibliya na ang lalaki ay mahalin ang kanyang asawa pagkatapos ng kasal at hindi bago ito, ***"Sapagka't walang sinoman na napoot kailan man sa kaniyang sariling katawan; kundi kinakandili at minamahal, gaya naman ni Cristo sa iglesia;" (Epeso 5:29 KJV)*** Sinasabi rin sa atin ng Bibliya na iibigin ng babae ang kanyang asawa pagkatapos ng kasal at hindi bago ito, ***"Upang kanilang maturuan ang mga babaing may kabataan na magsiibig sa kanikaniyang asawa, magsiibig sa kanilang mga anak, mangagpakahinahon," (Tito 2:4 KJV)***

• Dapat maging tapat ang mga magulang na makasama ang kanilang mga anak sa lahat ng paraan hanggang sa sila'y sanayin at maging angkop sa espirituwal na pagtagumpayan ang masasamang tukso ng makabagong mundong ito.
• Dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak na mag aasawa sila sa inihanda ng Dios para sa kanila na magpakasal at hindi magpakasal sa mahal o gusto nila.
• Dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak na ang pagmamahal at pag-iibigan ay pagkatapos ng kasal at hindi bago ito.
• Dapat kasama ng mga magulang ang kanilang mga anak sa lahat ng paraan hanggang sa mailagay sila sa makaDios na pag aasawa upang magkaroon ng makaDioos na pamilya.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Lumapit sa Dios magnilay sa mensahe na tinanggap mo na naglalarawan ng pananagutan mo bilang mga magulang patungo sa iyong mga anak kung paanong sila'y mapoprotektahan sa daan mula sa iba't ibang panganib na magiging dahilan upang sila ay matukso at mahulog sa kasalanan.

Italaga ang iyong sarili bilang mga magulang na ipatupad ang mga tuntuning ito na pinalawak ng mensaheng ito sa iyong personal na buhay, sa buhay ng iyong pamilya at mga anak at sa buhay ng iyong ministerio at sa buhay ng ating simbahan.

Tayo ay manalangin,…

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ng iyong mga landas sa buhay kung paanong mamuhay sa maka Dios na buhay at kung paanong protektahan ang aking mga anak at ilayo sila sa mga tukso at mapanganib na mga kasalanan. Pangioon salamat para sa lahat ng ibinigay mo sa akin mula sa mga mapagkukunan upang palakihin ang aking mga anak sa isang makaDios na paraan at maglingkod sa iyo sa kabanalan at gawin ang nakakapagpasiya sa iyo.*

*Ngayon magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong kawalang ingat at walang kahandaan na gumawa ng mga aktibong hakbang para disiplinahin ang inyong mga anak at protektahan sila mula sa pagkakalantad sa mga tukso at kasalanan. Magsisi sa paglalaan ng maraming oras sa iyong mga kaibigan, at sa Media at pinabayaan ang iyong pamilya at ang pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay*

*pananalangin at ng ministerio ng Dios. Talikdan ang iyong masamang pangangasiwa, ang iyong katamaran, at iyong kamunduhan. Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong naunang mga kasalanan, at imoralidad.*

*Panginoon ako'y nagsisisi at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan ____________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na isagawa ang lahat ng nasa itaas na protektibong hakbang sa buhay ng aking pamilya at mga anak at sa aking ministerio upang ang kasalanan ay hindi magkadaan at ang aking mga anak ay maprotektahan at ang simbahan at ang ministerio ay maging malinis.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay na isagawa ang mga tuntunin na tinanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon bigyan sila ng pagkilala na makita ang mga bagay ng malinaw at buksan ang kanilang mga mata sa mga kasalanan at kapilyuhan ng kanilang mga anak upang sila'y disiplinahin at hindi malinlang ng kanilang mga anak. Panginoon bigyan sila ng kahinahunan at pagtitiyaga na tiisin ang kahirapan sa paglalapat ng disiplinang ito sa kanilang mga anak at kabataan at bigyan sila ng kalakasan na patuloy na gawin iyon. Panginoon patuloy silang pagpalain sa kanilang ministerio habang patuloy nilang ginagawa iyon. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon lutasin ang kanilang mga suliranin at patuloy na gabayan sila kung paanong disiplinahin ang kanilang mga anak upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan at gabayan kami ng iyong Banal na Espiritu upang patuloy na ipahayag ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa mga tao, at turuan sila ng iyong Salita. Panginoon ilantad ang mga nakatagong kasalanan at bigyan kami ng karunungan na harapin sila at sa mga gumagawa niyon na mapanumbalik namin sila sa matuwid na buhay na nais mong makita na isinasapamuhay nila. Panginoon tulungan kami na patuloy na sanayin ang mga magulang at turuan sila kung paanong disiplinahin ang kanilang mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa Dios. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan, Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng Buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen,*

Pagpapalaki ng MakaDios na mga Anak  Yugto 2. Kawikaan 22:6. Mga Taga Efeso 6:1-4. 2 Samuel 12:10-13. 2 Samuel 13:1-29. 2 Samuel 13:37. Ruth 2:8-9. Job 31:1. 1 Corinto 10:6. Levitico 18:9, 29. . Efeso 5:25. Tito 2:4.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com